# Ano ang Gagawin para sa Mga Pagbabago sa Kuko

*What to Do for Nail Changes - Tagalog*

Maaaring mangyari ang mga pagbabago sa kuko sa mga kamay at paa, o pareho. Maaaring mangyari ang mga pagbabago sa kuko sa maraming dahilan, kabilang ang paggamot sa cancer. Ang mga kuko ay binubuo ng:

- Ang nail plate (ang pinakamatigas na bahagi ng kuko at ang bahaging nakikita)
- Ang nail bed (ang tisyu sa ilalim ng nail plate)

## Ano ang mga sanhi ng mga pagbabago sa kuko?

Ang ilang paggamot sa cancer ay maaaring magdulot ng mga pagbabago sa iyong mga kuko. Ang mga pagbabagong ito ay maaaring makaapekto sa hitsura, pakiramdam, at kung paano gumagana ang iyong mga kuko. Ang mga pagbabago sa kuko ay maaaring pansamantala o maaaring magtagal.

## Anong mga karaniwang pagbabago sa kuko ang dapat mong bantayan?

- Maiitim na bahagi sa ilalim ng kuko, na mukhang mga pasa, at pinakakaraniwang nakikita sa cuticle (ibaba ng kuko)
- Maliliit at maninipis na biyak o malalalim na hiwa o pagputol sa dulo ng daliri, nail plate, o nail bed, na maaaring maging masakit
- Maliliit na pulang linya na maliliit na bahagi na may pagdurugo sa ilalim ng nail plate
- Pangingitim ng balat sa palibot ng kuko, o sa kuko mismo (mga pagbabago sa kulay)
- Pamumula, at paminsan-minsan ay pamamaga sa nail bed at balat sa palibot ng daliri sa kamay o paa, na maaaring palatandaan ng impeksyon at maaaring masakit
- Pag-angat ng nail plate, na makakapagdagdag sa panganib ng impeksyon at pagkatanggal ng kuko
- Ganap na pagkawala ng nail plate, na maaaring masakit at makakadagdag sa panganib ng impeksyon hanggang sa tumubong muli ang kuko
- Ridges (mga guhit na bahagyang nakausli sa kuko) o mga linyang may kulay sa nail plate, na mawawala pagkatapos ng paggamot

## Ang maaari mong gawin para maiwasan o mapamahalaan ang mga pagbabago sa kuko

- Tingnan ang iyong mga kamay at paa araw-araw para hanapin ang mga pagbabago sa iyong mga kuko.
- Iwasan ang mga pinsala sa iyong mga kuko hangga't maaari.
- Gumamit ng coating para sa kuko na malulusaw sa tubig, tulad ng nail polish, sa mga kuko na may ridges, sensitibo, o nabibiyak.
- Panatiling maikli ang mga kuko. Ang maiikling kuko ay mas malamang na hindi mabali o mahagip.
- Panatilihing malinis ang iyong mga kuko para maiwasan ang mga impeksyon.
- Magsuot ng mga guwantes para maprotektahan ang iyong mga kuko kapag inilulublob ang mga ito sa tubig (tulad ng paghuhugas ng mga pinggan), paghahardin, o paglilinis.
- Itanong sa iyong cancer care team kung okey lang na magpa-manicure sa isang propesyonal habang nagpapagamot ka para sa cancer.
- Magsuot ng maluluwag na sapatos.
- Iwasan ang presyon sa iyong mga nail bed (sa mga kuko sa kamay at paa).
- Ipaalam sa iyong cancer care team ang tungkol sa anumang mga pagbabago sa iyong mga kuko. Kung mayroon kang pananakit o impeksyon sa mga pagbabago sa iyong kuko, kausapin ang iyong cancer care team bago subukan ang anumang mga remedyo sa bahay.

## Makipag-usap sa iyong cancer care team.

Itanong sa iyong cancer care team kung ang iyong paggamot ay malamang na magdulot ng mga pagbabago sa kuko.Itanong kung anong uri ng mga pagbabago ang susubaybayan at kung paano pamamahalaan ang mga ito. Ipaalam sa iyong cancer care team kung mayroon kang anumang mga pagbabago sa iyong nail plate, pamamaga, pamumula, o pananakit sa palibot ng iyong kuko.

Para sa impormasyon at mga sagot tungkol sa cancer, bumisita sa website ng American Cancer Society sa **cancer.org** o tumawag sa amin sa **1-800-227-2345**. Narito kami kapag kailangan mo kami.



©2024, American Cancer Society, Inc.
No. TAG214811 Rev. 8/24

BBB ACCREDITED CHARITY bbb.org/charity